

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka 20

## Mga sagot sa Mga Salitang Magkasingkahulugan o Magkasalungat

A. *Panuto:* Isulat sa patlang ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit.

1. matulin Mabilis tumakbo ang mga sasakyan.
2. masarap Ang pagkain na ito ay malinamnam.
3. malusog Malakas ang katawan ng boksingero.
4. mahusay Ang unang pangkat ay magaling umawit.
5. matapang Binigyan ng medalya ang magiting na sundalo.
6. mayaman Makuwarta ang lalaking iyan kaya malaki ang bahay niya.
7. masaya Masigla ang mga bata tuwing narito ka.
8. tama Ang mga gawain na ito ay wasto.
9. gusto Ano ang nais mong gawin mamaya?
10. Sobra Labis ang pagmamahal ni Inay.

B. *Panuto:* Sina Jack at Jackie ay kambal ngunit lagi silang magkasalungat sa damdamin o gawain. Isulat sa patlang ang kasalungat ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.

11. Si Jack ay mataba ngunit si Jackie ay payat.
12. Mabigat ang bag ni Jack pero magaan ang bag ni Jackie.
13. Kung si Jack ay malungkot, si Jackie naman ay masaya.
14. Kapag mabilis sumulat si Jack, mabagal naman sumulat si Jackie.
15. Kung tamad si Jack, masipag naman si Jackie.
16. Kung kaunti ang baon na pagkain ni Jack, marami naman ang baon na pagkain ni Jackie.
17. Si Jack ay matapang kung takot si Jackie.
18. Kapag malakas ang boses ni Jack, mahina naman ang boses ni Jackie.
19. Masikip na ang pantalon ni Jack pero maluwag pa ang kay Jackie.
20. Kapag maingay maglaro si Jack sa bahay, tahimik naman na nagbabasa si Jackie.

Talâ: magkasingkahulugan - *having the same or similar meanings*, magkasalungat - *having opposite meanings*